

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Di-nangangalagang Magulang Noncustodial Parent's Rights and Responsibilities

Ang Division of Child Support (DCS):

1. Nagpapatunay at nagpapatupad sa mga kautusan para sa sustento sa anak at mga obligasyon sa suportang medikal.
2. Nagre-repaso sa mga kautusan para sa sustento sa anak para sa posibleng pagpapabago.
3. Tumatanggap, nagtatala, at nagbabahagi sa mga bayad sa sustento sa anak sa pamamagitan ng Washington State Support Registry (WSSR).

Di-nangangalagang Magulang

Ikaw ang di-nangangalagang magulang. Ang di-nangangalagang magulang ay ang natural na ama, o kinilalang nag-ampon o napasyahang ama, natural na ina, o isang napasyahan o nag-ampong ina na kailangang magbigay ng pinansiyal na sustento para sa dependiyenteng mga anak. Iniuutos ng mga batas ng estado at federal ang tungkuling ito.

Mga Bayad sa Sustento sa anak

Karaniwan, kailangan mong magbayad ng sustento sa anak. Pagkatapos ipadala ng DCS sa iyo ang paunawa na nag-uutos sa iyo na magbayad ng sustento sa anak, **hindi babawasan** ng DCS ang iyong utang para sa mga bayad na ipinadala kaninuman maliban sa WSSR, isang tribo ng korte o ahensiya ng sustento sa anak, o korte ng ibang estado. Hindi babawasan ng DCS ang iyong account para sa perang direktang ibinayad sa kabilang partido maliban kung ang pera ay ibinayad mula sa isang ahensiya para sa benepisyo ng isang dependiyente, tulad ng Social Security Administration, Department of Labor and Industries, o ng Department of Veteran Affairs para sa mga layunin ng obligasyon sa suporta sa anak.

1. Sabihin kaagad sa DCS kung ang ahensiya ng sustento sa anak ng estado o tribo o ang korte ng estado o tribo ay humiling sa iyo na magbigay sa kanila ng bayad sa sustento sa anak.
2. Huwag magpadala ng bayad kaninuman maliban sa address para sa WSSR na nakalista sa ibaba maliban kung sinasabihan ka ng DCS sa panulat na isinara namin ang iyong kaso.

Dapat mong ibigay ang lahat ng bayad sa suporta sa Washington State Support Registry (WSSR). Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng alinman sa sumusunod na mga paraan:

1. Pagkaltas sa sahod. Karaniwan sa mga kautusan para sa sustento ay nagpapahintulot sa DCS na kolektahin ang sustento sa pamamagitan ng pagkaltas sa sahod o nag-uutos ng bayad sa pamamagitan ng WSSR. Kung ang iyong kautusan ay nagpapahintulot sa DCS na gawin ito, susubukan ng DCS na kolektahin ang sustento sa pamamagitan ng pagkaltas sa sahod.
2. Personal na tseke, money order, certified check, o cashier's check. Ipadala ang lahat ng bayad na tseke at money order sa:
WASHINGTON STATE SUPPORT REGISTRY
PO BOX 45868
OLYMPIA WA 98504-5868
3. Electronic Funds Transfer (EFT). Ang EFT ay nagpapahintulot ng awtomatikong pagbabawas ng bayad sa sustento mula sa checking o savings account bawat buwan. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 800-468-7422.
4. Internet. Ang pagbabayad sa internet ay nagpapahintulot ng pagbabawas ng bayad sa sustento mula sa checking o savings account. Para sa karagdagang bumisita sa website ng DCS sa <https://secureaccess.wa.gov>
5. Credit o Debit Card. Para sa higit na, bumisita sa website ng DCS sa <https://www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support/creditdebit-card-payments>.

Kung isasauli ng iyong bangko ang isa sa iyong tseke o mabigong tanggapin ang bayad sa EFT o Internet dahil sa di-sapat na pondo, tatanggap lang ang DCS ng kasunod na bayad sa pamamagitan ng cash, money order, cashier's check, certified check, o pagkaltas sa sahod.

Ilakip ang iyong account number **IN** _____ sa lahat ng bayad at sulat.

Kung may legal na mga rason ka sa hindi pagbibigay ng pinansiyal na sustento para sa iyong anak o kung sa kamalian ay sinangkot ka ng DCS sa prosesong ito, ipaalam kaagad sa DCS.

Kung aabisuhan ka ng DCS na sinususpende namin ang pangongolekta ng iyong obligasyon sa suporta, ang iyong obligasyon ay maaaring maging karapat-dapat kokolektahin sa hinaharap. Aabisuhan ka ng DCS bago gawin ang hakbang na itos action.

Kung ikaw ay naconfine sa o nasistensyahan nang mahigit na anim na buwan sa kulungan, piitan, o correctional na pasilidad, maaaring ang support order para sa iyong anak ay maaaring pansamantalang bawasan (bumaba) sa \$10 kada buwan para sa bawat support order sa bata. Ikaw, ang tagabantay na magulang, o D S ay maaaring humiling ng pagpapababa. Kung naaangkop ang pagpapababa sa iyong kaso, makakatanggap ka ng abiso mula sa DCS na pinapaliwanag ang mga tuntunin ng pagpapababa sa bawat karapatan ng tao na humiling ng pagdinig kung hindi sila sumasang-ayon. Tataas ang halaga sa 50% ng support order sa ikaapat na buwan matapos itong mai-release, at tataaas uli sa 100% sa orihinal na halaga nito isang taon matapos itong i-release.

Mga Obligasyon sa Suportang Medikal

Kung ang iyong kautusan para sa sustento ay nag-aatas sa iyo na magbigay ng kasaklawan sa health insurance para sa iyong anak, gagawa ang DCS ng hakbang upang ipatupad ang iyong obligasyon. Kung ang iyong kautusan para sa suporta ay nag-aatas sa iyo na magbayad ng cash na suportang medikal, itatakda ng DCS ang halaga sa dolyar na kailangan mong bayaran at kokolektahin ang halagang iyon.

1. Sabihin kaagad sa DCS kung may anumang pagbabago tungkol sa kasaklawan sa iyong health insurance para sa anak na pinangalanan sa iyong kautusan para sa sustento.
2. Ang cash na suportang medikal ay naglalakip sa katumbas na parte ng di-naisauling pangmedikal na gastos at parte ng hulugang pangmedikal (cash na bayad) kung iniaatas sa iyong kautusan kapag hindi naibibigay ang health insurance.

Kung ang iyong kautusan ay nag-aatas sa nangangalagang magulang na magbigay ng kasaklawan sa health insurance o magbayad sa di-nakasegurong gastusing pangmedikal, maaari kang mag-aplay para sa serbisyo ng ganap na pagpapatupad sa sustento sa anak at:

1. Hilangin sa DCS na ipatupad ang obligasyon ng nangangalagang magulang na magbigay ng health insurance. Maaaring ipatupad ng DCS ang obligasyon depende sa mga sirkumstansiya ng iyong kaso.
2. Hilangin sa DCS na kolektahin mula sa nangangalagang magulang ang di-nakasegurong pangmedikal na gastusin kabilang ang mga copayment, deductible, at premium gaya ng ipinaliwanag sa WAC 388-14A-1020.

Kung ang iyong kautusan para sa sustento ay hindi nag-aatas sa nangangalagang magulang na magbigay ng kasaklawan sa health insurance, parte sa hulugang pangmedikal, o magbayad ng di-nakasegurong pangmedikal na gastusin, gaya ng ipinaliwanag sa WAC 388-14A-1020, maaari kang humiling sa DCS na repasuhin ang iyong kautusan para sa pagpapabago o maaari kang magpetisyon nang sarili para sa pagpapabago.

Mga Uri ng Apela

Conference Board. Ang conference board ay isang administratibong (hindi sa korte) proseso ng DCS na ginagamit upang lutasin ang mga pagtatalo, ipaliwanag ang mga polisiya, at klaruhin ang mga katotohanan.

1. Maaaring repasuhin ng isang conference board ang mga kaso ng sustento sa anak na iniutos ng korte o hindi iniutos ng korte.
2. Maaaring maglabas ang conference board ng pasya na hindi makikipagpulong iyo. Kung may pagpupulong kayo, maaari mong talakayin ang kaso kasama ng pangasiwaan ng DCS na maaaring magpapawalang-bisa sa naunang pasya ng DCS. Maaaring baguhin ng conference board ang ilang hakbang na ginawa ng DCS mga tauhan ngunit hindi makakapabago sa mga hakbang na iniutos ng batas.

Adjudicative Proceeding (pagdinig). Ang pagdinig ay isa ring administratibong (hindi sa korte) proseso. Ang pagdinig ay mas pormal kaysa conference board ngunit mas di-pormal kaysa hakbang sa korte.

1. Ang batas ng estado ay naghahandog lang ng pagdinig para sa ilang sitwasyon. Kung padadalhan ka ng DCS ng paunawa, sasabihin sa paunawa kung may karapatan ka sa isang pagdinig. Ang Administrative Law Judge (ALJ) ang mamumuno sa isang pagdinig. Ang ALJs ay hindi mga empleyado ng DCS.
2. Sa isang pagdinig, rerepasuhin ng ALJ ang iyong kaso at papasyahan ang inyong pinagtatalunan. Upang pigilin ang DCS sa pagpapatupad ng iyong kautusan para sa sustento, kailangan kang humiling ng isang pagdinig sa loob ng 20 araw (kung natanggap mo ang paunawa sa Estado ng Washington) pagkatapos mong matanggap ang iyong paunawa.
 - a. Maaari kang humiling ng isang pagdinig pagkatapos ng hangganan na 20 o 60 araw. Gayon pa man, ipapatupad ng DCS ang iyong kautusan para sa sustento hanggang matanggap namin ang pasya sa pagdinig. Hindi na ibabalik ng DCS ang alinmang pera na nakolekta habang hinihintay ang pasya ng pagdinig.
 - b. Kung hihiling ka ng pagdinig pagkatapos nang higit sa isang taon mula nang matanggap mo ang paunawa, kailangan mong maglahad ng mabuting rason (mahusay na dahilan ng naantalang paghiling). Maaaring hindi ibigay ng ALJ ang iyong naantalang kahilingan. Gayon pa man, maaaring magkaroon ka ng karapatan sa pagpapabago ng iyong obligasyon sa sustento sa anak sa hinaharap kahit na wala kang mahusay na rason sa naantalang paghiling ng pagdinig.
3. Ikkoreo sa iyo ang kopya ng pasya ng ALJ. Ang pasya ng ALJ ay maglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apela.
4. Kung angkop, sasabihan ng DCS ang dalawang partido sa iyong kautusan para sa sustento kapag tumanggap kami ng kahilingan para sa isang pagdinig. Maaaring makibahagi sa pagdinig ang dalawang partido.

Kung may mga katanungan ka, makipag-ugnayan sa:

DIVISION OF CHILD SUPPORT
PO BOX 11520
TACOMA WA 98411-5520

Sa loob _____ ng lugar ng tumatawag _____

Sa labas _____ ng lugar ng tumatawag _____

Mapapakinabangan ang serbisyo ng TTY/TDD para sa may pinsala sa pananalita o pandinig.

Bisitahin ang aming website sa: www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support

Walang sinumang tao na dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan, ang hindi hirangin sa trabaho, serbisyo, at anumang aspeto ng gawain ng programa. Makukuha ang form na ito sa alternatibong pormat kapag hihilingin.